

# Pagiging Karapat-dapat ng Hindi Citizen sa CalFresh

## Ano ang Mababago?

Nililimitahan ng pederal na batas na ipinasa kamakailan ng Kongreso at nilagdaan ni Pangulong Trump ang mga partikular na grupo ng mga hindi citizen na legal na nasa bansa. Gayunpaman, maraming indibidwal ang mananatiling karapat-dapat para sa CalFresh, kabilang ang mga miyembro ng sambahayan na citizen ng U.S. at ilang kwalipikadong status sa imigrasyon.

## Maaari ka pa ring maging karapat-dapat para sa CalFresh kung ikaw ay isang taong:

- Citizen ng Estados Unidos (U.S.);
- U.S. National (tulad ng mga taong ipinanganak sa American Samoa o Swains Island);
- Pumasok sa bansa mula sa Cuba at Haiti (CHE);
- Legal na Permanenteng Resident (LPR) na natugunan ang 5-taong panahon ng paghihintay o naka-exempt sa 5-taong panahon ng paghihintay;
- Citizen ng Micronesia, Marshall Islands, o Palau

## Simula Abril 1, 2026, hindi ka na maging karapat-dapat para sa CalFresh at tatanggihan ang mga benepisyo sa aplikasyon o sa recertification kung ikaw ay isang taong:

- Asylee;
- Refugee;
- Parolado (maliban kung ikaw ay CHE);
- Indibidwal na pinigilan o ipinagpaliban ang deportasyon o pagpapaalis sa kanya sa bansa;
- Pumasok sa Bansa nang may Kondisyon;
- Nakaligtas sa Trafficking;
- Binugbog na Hindi Citizen;
- Iraqi o Afghan na may Special Immigrant Visa (SIV) na hindi isang LPR;
- Partikular na Afghan National na nabigyan ng parole sa pagitan ng Hulyo 31, 2021 at Setyembre 30, 2023; o,
- Partikular na Ukrainian National na nabigyan ng parole sa pagitan ng Pebrero 24, 2022, at Setyembre 30, 2024

## Kailan Ilalapat ang mga Pagbabagong Ito sa Akin?

Titingnan ng worker ng county kung maaarika pa ring patuloy na makatanggap ng CalFresh sa iyong susunod na recertification. Maaari mo pa ring patuloy na makuha at magamit ang iyong CalFresh hanggang sa panahong iyon. Maaari kang maging karapat-dapat para sa CalFresh kung nagbago ang iyong status sa imigrasyon. Wala kang kailangang gawin sa pagkakataong ito.

Ang ilang hindi citizen na legal na nasa bansa ay maaaring maging kwalipikado para sa California Food Assistance Program (CFAP). Ngunit karamihan sa mga hindi mamamayan na mawawalan ng pagiging karapat-dapat sa CalFresh dahil sa kamakailang pagbabagong ito sa batas ay hindi kwalipikado para sa CFAP. Mula sa mga taong nawawalan ng pagiging karapat-dapat sa CalFresh, maaari kang maging kwalipikado para sa CFAP kung ikaw ay isang hindi citizen na binubugbog at/o parolado. Ipapaalam sa iyo ng worker ng county kung kwalipikado ka para sa alinman sa CalFresh o CFAP kapag nag-apply ka para sa CalFresh o sa iyong recertification. Bisitahin ang website ng CFAP para sa higit pang impormasyon: <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/calfresh/california-food-assistance-program>

## Saan Makakakuha ng Higit Pang Impormasyon:

 **Kung kailangan mong tulong sa pagkuhang pagkain ngayon**, makipag-ugnayan sa iyong lokal na food bank: <https://cdss.ca.gov/food-banks>

 **Para sa legal na tulong**, bisitahin ang webpage ng Legal Services Assistance ng Immigration Services Legal Bureau:

<https://www.cdss.ca.gov/inforesources/immigration/legal-services>

 Tumawag sa **1-800-223-8383** Lun-Biy 8AM - 5PM para makipag-usap sa iyong lokal na mga serbisyong panlipunan ng county manggagawa. California Relay Service tumawag sa 1-800-735-2922 TDD tumawag sa 1-800-735-2929 Upang makahanap ng lokal na

 tanggapan ng mga serbisyong panlipunan sa county na malapit sa iyo, bumisita sa: [www.smcgov.org/hsa.org](http://www.smcgov.org/hsa.org)

